

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™

Mahinang paglago sa buong rehiyong ASEAN sa kabila ng mahihinang kundisyon ng demand

Mga pangunahing nalaman:

Pinakamahinang expansion sa output sa loob ng 15 buwan

Mas mabilis bumagsak ang bagong negosyo

Patuloy na humihina ang mga pressure sa inflation

Kinolekta ang data noong 06-19 Disyembre

Muling humina ang paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Disyembre, nang may bahagya lang na pagtaas ng output habang mas mabilis bumaba ang dami ng bagong order. Bumilis din ang pagbabawas ng trabaho noong Disyembre. Kasabay nito, nagkaroon ng mga karagdagang senyales ng paghina ng mga pressure sa inflation, at humupa ulit ang rate ng inflation ng mga gastos sa input at ng singil sa output noong Disyembre.

Bumaba ang headline na PMI figure sa ikatlong magkakasanod na buwan, na naitala sa 50.3 noong Disyembre, na bumaba mula sa 50.7 noong Nobyembre. Bagama't ang mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa buong rehiyon ng ASEAN ay nag-ulat ng pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo, na nagpapatagal sa kasalukuyang expansion na nagsimula noong Oktubre 2021, ang naitala ay nagpahiwatig sa higit pang pagkawala ng momentum sa katapusan ng taon. Bukod pa rito, ang pinakabagong naitala ay ang pinakamababa sa nabanggit na sunod-sunod na buwan, at nagpahiwatig ito ng bahagya lang na rate ng pagbuti sa pangkalahatan.


Tatlo lang sa pitong bansang ASEAN na saklaw ng survey ang nag-ulat ng paglago, partikular dito ang Pilipinas (nasa 53.1 ang PMI), Thailand (52.5), at Indonesia (50.9), at lahat sa tatlong ito ay nakaranas ng mas mabilis na pagbuti ng mga kundisyon sa negosyo simula Nobyembre. Kapansin-pansin na ang mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ay nanguna sa paglago sa buong rehiyon ng ASEAN sa unang pagkakataon sa loob ng 34 na buwan.

Pagdating sa mga bansang nag-ulat ng paghina sa mga kundisyon sa pagmamanupaktura, ang pinakamahinang pagbaba ay naranasan ng Singapore. Gayunpaman, pagkatapos manguna sa mga ranggo nang isang taon, ang pinakabagong pagbaba sa naitalang headline – na isa sa mga pinakamalaking pagbaba ng index na naitala sa kasaysayan ng serye ng PMI – ang unang buwan ng contraction sa 16 na buwan.

Humina rin ang kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Malaysia noong Disyembre, na

S&P Global ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

nagpapatagal sa kasalukuyang sunod-sunod na paghina sa apat na buwan. Bukod pa rito, sa 47.8 ang bilis ng paghina ay ang pinakamabilis sa loob ng 16 na buwan. Ang PMI figure para sa Vietnam na naitala sa 46.4 ay nagpahiwatig ng ikalawang magkasunod na buwan ng humihinang mga kundisyon noong Disyembre. Bukod pa rito, bumilis ang pagbaba simula Nobyembre.

Ang pinakamatinding contraction ay naranasan sa buong Myanmar (42.1). Ang pinakabagong naitala ay ang ikawalong magkakasanod na buwan kung saan naitala ang PMI na mas mababa sa neutral na 50.0 na threshold. Bukod pa rito, bumilis ang pagbaba para sa ikalawang magkasunod na buwan sa pinakamabilis nito simula Setyembre 2021.

Ang mas mahinang performance ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ay bahagyang dulot ng mas mahihinang kundisyon ng demand. Bumaba ang bilang ng order sa pabrika sa ikalawang magkasunod na buwan nang mas mabilis kaysa noong Nobyembre.

Gayunpaman, tinaasan pa rin ng mga kumpanya ang dami ng output ng mga ito noong Disyembre, na nagpapatagal sa kasalukuyang sunod-sunod na expansion sa 15 buwan. Gayunpaman, ang bilis ng pagtaas ay ang pinakamahinang naitala sa panahong ito at mahina lang ito. Lumawak ang aktibidad sa pagbili sa katulad na katamtamang bilis.

Nagkaroon ng mas mahinang pagpasok ng order sa isang sunod-sunod na pagbaba sa bilang ng manggagawa. Bukod pa rito, bumilis ang pagbabawas ng trabaho simula Nobyembre, bagama't mahina pa rin sa pangkalahatan. Dahil mahusay na napangasiwaan ng mga firm ang mga workload nito, bumaba ang mga backlog sa ikatlong magkakasanod na buwan, at sa pinakamatindi nitong rate simula Setyembre 2020.

Pag-release ng Balita

Ang paghina sa buong rehiyon ay nagpahiwatig ng kaunting pag-iingat sa dami ng stock noong Disyembre. Pagdating sa dami ng imbentaryo, bumaba ang stock ng mga biniling item sa ikatlong magkakasunod na buwan. Gayunpaman, ang bilis ng pagkaubos ay ang pinakamahirang naitala sa panahong ito at bahagya ito sa pangkalahatan. Sa kabila nito, bahagya lang na dumami ang mga stock ng mga natapos na produkto sa ikalawang magkasunod na buwan.

Nagkaroon din ng mga senyales na ang mas mahihinang kundisyon ng demand ay nakatulong sa pagbawas ng mga pressure sa presyo. Ipinakita ng pinakabagong data ang patuloy na paghina sa rate ng inflation ng gastos sa input na hinarap ng mga producer ng mga produkto sa katapusan ng 2022. Bagama't kapansin-pansin, ang pinakabagong pagtaas sa mga gastusin sa pagpapatakbo ay ang pinakamahirang naitala sa dalawang taon. Katulad nito, humupa ang rate ng inflation ng presyo ng output sa pinakamababa nito sa 11 buwan, pero nanatili pa rin itong matindi sa pangkalahatan.

Nanatili ang pagkaantala sa supply chain sa buong rehiyon noong Disyembre. Ang kahirapan sa pangangalap ng materyales at pagsisikip ng daungan ay humantong sa pagtagal ng mga average na lead time sa ikatatlumpu't limang magkakasunod na buwan. Habang bahagyang mas mabilis ang rate ng paghina ng performance ng vendor kaysa noong Nobyembre, mahina ito sa pangkalahatan at isa sa mga pinakamahirang naitala mula noong nagsimula ang kasalukuyang sunod-sunod na paghina.

Panghuli, bagama't nanatiling positibo ang pananaw ng mga nagmamanupaktura sa buong rehiyon ng ASEAN pagdating sa 12 buwang inaasahang output, ang antas ng kumpiyansa ay humina sa ikalawang magkasunod na buwan sa pinakamababa nito simula Agosto 2021. Ayon sa mga pahayag, dahil sa mababagal na kundisyon ng ekonomiya sa buong mundo, naging mas maingat ang mga kumpanya pagdating sa inaasahan ng mga ito sa 2023.

Bilang komento sa data ng ASEAN Manufacturing PMI, sinabi ni Maryam Baluch, Economist sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ipinahiwatig ng pinakabagong data ng PMI na humihina ang paglago sa buong rehiyon ng ASEAN. Ang pagbaba ay bahagyang dulot ng patuloy na humihinang mga kundisyon ng demand sa buong rehiyon na humantong sa ikawalawang buwan ng contraction sa mga bagong order. Umabot din sa ikalawang buwan ang pagbabawas ng trabaho, dahil nagbawas ng tauhan ang mga kumpanya sa kabila ng pagbaba ng mga pangangailangan sa negosyo.


"Bagama't ang pagbaba ng demand ay pumigil sa paglago, ang epekto sa mga presyo, kasabay ng paghihigpit ng patakaran sa pera ng mga bangko sentral sa buong rehiyon, ay nakatulong na pahinahin ang mga pressure sa inflation. Gayunpaman, patuloy pa ring tumaas nang matindi ang mga presyo sa buong rehiyon.

"Panghuli, ang mga inaasahang output para sa susunod na taon ay bumaba sa pinakamababa nito sa isang taon. Ang mas mahinang kalagayan ng ekonomiya sa buong mundo ay naging pangunahing alalahanin, kasabay ng inflation at mga karagdagang pagbawas sa paggastos ng kliyente."

-Tapos na-

Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan



Pinagkunan: S&P Global.

PMI™

by S&P Global

Pag-release ng Balita

Makipag-ugnayan

S&P Global Market Intelligence
Maryam Baluch
Economist
Telepono +44-12-4432-7213
Email: maryam.baluch@spglobal.com

S&P Global Market Intelligence
SungHa Park
Corporate Communications
Telepono +82 2 6001 3128
Email sungha.park@spglobal.com

Metodolohiya

Ang S&P Global ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

S&P Global (NYSE: SPGI)

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon.

Ang S&P Global ay isang nakarehistrong trademark ng S&P Global Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2023 S&P Global Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan. www.spglobal.com

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, [mag-click dito](#).

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global at/o mga affiliate nito. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited at/o mga affiliate nito.

Pina-publish ang Content na ito ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na pinamamahalaan. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng kinaaukulang panig. Ang naturang panig, mga affiliate at supplier nito ("Mga Content Provider") ay hindi nagbibigay ng garantiya ukol sa katumpakan, kasapatan, pagiging kompleto, pagiging napapanahon o availability ng anumang Content at hindi ito responsable para sa anumang mga pagkakamali o omisyon (nang pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi kailanman mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, halaga, gastusin, legal na bayarin, o pagkalugi (kasama ang nalulugi ng kita o nawalang kita at mga opportunity cost) kaugnay ng anumang paggamit ng anumang Content.